

Pang-araw-araw na
Paghakawan
Tungo sa Liwanag ng Salita ng Diyos

2026



ROMAN CATHOLIC DIOCESE OF NOVALICHES

Cathedral of the Good Shepherd Regalado Ave. Ext., Fairview Park, 1118 Quezon City
Telefax: (02) 8461-5051; (02) 8461-5074 • Email: novaliches_diocese@yahoo.com

Pang-araw-araw na
Paghahawan
Tungo sa Liwanag ng Salita ng Diyos

2026

YEAR II | CYCLE A

**Mga maikling pagninilay na isinulat ng mga Pari, Madre,
at mga Layko sa patnubay ng Komisyon ng Paghuhubog sa
Pananampalataya ng Diyosesis ng Novaliches
sa pangunguna nila:**

**Msgr. Jesus Romulo C. Rañada
Fr. Aristeo M. de Leon
Vivien Talisayon
Sr. Erla D. Dalen, CSHT
Gregory G. Mota**



CLARETIAN COMMUNICATIONS FOUNDATION, INC.

Quezon City, Philippines

Ang Pang-araw-araw na Paghahawan Tungo sa Liwanag ng Salita ng Diyos
Taon ng Panalangin 2026

Karapatang maglathala © 2025 **Roman Catholic Diocese of Novaliches**
2nd Floor, Obispado de Novaliches, Regalado Avenue, Fairview Quezon City
Telefax: (02) 8461-5051; (02) 8461-5074
Email: novaliches_diocese@yahoo.com

Hango sa mga pagbasa sa Biblia ng
Biblia ng Sambayanang Pilipino, Katolikong Edisyong Pastoral

Ang mga sipi na nagamit ay hango sa
Isang MAIKLING KATESISMO para sa MGA KATOLIKO
Akda ni ***Fr. James Tolhurst***
Isinalin sa Filipino ni ***Jess Arguelles***

Disenyo ng Pabalat ni ***Gregory G. Mota***
Disenyo ng Layout nina ***Charmaine L. Rivera*** at ***Glenn Dereck B. Dioneda***

Orihinal na Edisyon: Claretian Communications Foundation, Inc.
U.P. P.O. Box 4, Diliman, 1101 Quezon City, Philippines
Tel.: (02) 8921-3984 • Fax: (02) 8921-6205
Email: ccfi@claretianpublications.ph
www.claretianpublications.com

Paghahawan® 2026
Magandang Balita at Pagninilay sa Araw-araw

Pag-aaring karapatan ng **Roman Catholic Diocese of Novaliches** ang lahat ng nilalaman ng aklat na ito ngunit maaaring mailathala o magamit ng iba ang mga bahagi ng aklat na ito kalakip ang angkop na pahintulot ng publisista.

ISSN: 2244-2367

Personal na Impormasyon

PANGALAN:

TIRAHAN:

LUNGSOD/LALAWIGAN:

TELEPONO: ()

MOBILE NO.:

EMAIL ADDRESS:

ADDRESS NG KUMpanya:

TELEPONO: ()

FAX NO.: ()

EMAIL SA KUMpanya:

TAX IDENTIFICATION NO.:

SOCIAL SECURITY NO.:

NUMERO NG SEDULA:

KAILAN INISYU:

LUGAR:

LISENSIYA SA PAGMAMANEHO:

REHISTRASYON NG SASAKYAN:

PASAPORTE:

MAY BISA HANGGANG:

KAILAN INISYU:

LUGAR:

SA PAGKAKATAONG MAY EMERHENSIYA, MANGYARING IPAGBIGAY-ALAM KAY:

PANGALAN:

TIRAHAN:

TELEPONO: ()

MOBILE NO.:



The Roman Catholic Bishop of Novaliches

Mensahe

2025-13



Ang salitang *Sulong* ay nangangahulugang, *pag-usad*, at *Padayon* bilang pagpapatuloy. Sa ganitong diwa, ang *Sulong-Padayon* ay isang masiglang galaw ng Espiritu na patuloy na nagtutulak sa atin sa masigasig at walang patid na pag-usad, isang paglalakbay ng pananampalataya, habang nananatiling matatag sa misyon.

Itinatakda ng *Synod Final Document* ang sinodalidad bilang bahagi ng espiritwal na pagbabagong-loob at repormang estruktural upang higit na maging mapaglahok at misyonero ang Simbahan.


Ang *Sulong-Padayon* ay paanyaya sa muling paggunita sa nakaraang *Diocesan Consultation* at ng kasunod na proseso ng 2nd *Diocesan General Pastoral Assembly* na humubog at nagbigay linaw sa ating Pananaw at Misyon, mga Pastoral na prayoridad, Layunin, at Estratehiya. Isa itong yugto ng pagkatuto, isang mahalagang hakbang ng pag-angkop at paglago sa pagtupad ng bagong pangarap ng Simbahan.

Sa pagtatapos ng tatlong taong mastratehiyang pagpapalano na may mandato ng pagmamasisid, pagsusuri, at pagtataya, ang *Sulong-Padayon* ay tinanggap bilang balangkas sa pagpapatupad para sa susunod na yugto ng sinodalidad, isang mahalagang hakbang tungo sa mas malalim na pagkaugat nito sa estruktura, kultura, at buhay ng ating lokal na Simbahan.


Nawa'y magsilbing tanglaw ang *Sulong-Padayon*, sa pamamagitan ng Paghahawan, tungo sa mas malalim na pag-unawa sa Salita ng Diyos at sa pananampalatayang isinasabuhay.

Pagpalain nawa tayo ng Diyos!

Ibinigay sa Obispado ng Novaliches, Fairview, Lungsod Quezon, Sa ika-8 ng Setyembre, Taon ng ating Panginoon, 2025.


MOST REV. ROBERTO G. GAA, D.D.
Obispo ng Novaliches

Mensahe



Una sa lahat, taos-puso kong pinasasalamatan ang Diocesan Commission on Formation sa paghahanda ng *Paghahawan 2026*. Ang taunang paglilimbag ng aklat na ito ay nagbibigay ng mahalagang pagkakataon para sa mas malalim na pagninilay sa mga pagbasa ng Banal na Misa araw-araw.

Ngayong inilabas na ang National Synodal Implementation Framework na may temang “Sulong-Padayon,” napapanahon lamang na ituon din dito ang tema ng *Paghahawan 2026*. Ito ay magsisilbing mahalagang gabay upang higit nating maisabuhay ang diwa ng sinodo sa ating araw-araw na pamumuhay, pakikipamuhay, at paglilingkod sa Diyosesis.

Ang “Sulong-Padayon” ay paanyaya sa ating lahat na magpatuloy sa sama-samang paglalakbay upang maisakatuparan ang pangarap na maging isang tunay na Simbahang Sinodal sa Novaliches: isang Simbahang nakikinig, nakikibahagi kasama ng mga dukha at ng nasa laylayan ng lipunan.

Sa ating Diyosesis, nasimulan na nating tahakin ang landas ng sinodo, isang paglalakbay ng pagtutulungan, pakikinig, at sama-samang paghubog ng ating lokal na komunidad. Sa diwa ng pagkakaisa at misyon, magkatuwang ang mga pari, relihiyoso, at layko sa pagtugon sa mga pangangailangang pastoral ng ating mga mananampalataya, lalo na yaong nasa laylayan. Ang gawaing pang-ebanghelisasyon ay isinasabuhay hindi lamang sa salita kundi sa konkretong pagkilos ng pakikiisa at pagbabahaginan ng pananampalataya.

Nawa’y magsilbing tanglaw ng pag-asa at pagkakaisa ang *Paghahawan 2026*, at maging inspirasyon sa ating lahat upang ibahagi ang ating mga kaloob at aktibong makibahagi sa buhay at misyon ng Simbahan. Nawa’y hikayatin din tayo ng aklat na ito na palalimin ang ating pagkaunawa sa sinodo at maging tagapaghatid ng pag-asa habang sama-samang naglalakbay tungo sa mas sinodal na buhay.

Muli, taos-puso ang aking pasasalamat sa *Paghahawan Team* at sa lahat ng nagbahagi ng kanilang pagninilay. Pagpalain nawa kayo ng Diyos nang higit pa sa inyong inaasahan.

Pagpalain kayo ng Maykapal!

REV. FR. ANTONIO E. LABIAO, JR.

*Bikar Heneral para sa Pampastoral ng Gawain
Diocese of Novaliches*

Sulong-Padayon

Ang Balangkas ng Pambansang Pagpapatupad ng Simbahang Sinodal Sa Loob ng mga Pagbabago at Kaganapan sa Ating Mahal na Simbahan



Ang taong 2025 ay nag-iwan sa atin ng isang masidhing karanasang espiritwal. Una dahil sa ito ay Taon ng Hubileyo—Hubileyo ng Pag-asa—hinimok tayo na magtungo sa mga banal na dambana (pilgrimage) at sa pamamagitan nito ay ating maranasan at tuloy ay mapagtanto na ang buhay natin dito sa lupa ay isang paglalakbay na may patutunguhan: ang langit na banal at ang Diyos na Maykapal. Siya na sa atin ay lumikha at siya na ating pinagmulan ang siya rin namang ating kaganapan at hantungan.

Ang taong nagdaan ay isa ngang ng Taon ng Pag-asa na puno ng biyaya: biyaya ng pagbabalik-loob sa Diyos, biyaya ng pagpapanibago ng ating buhay, biyaya ng mas malalim na pakikipag-ugnayan kay Jesucristo na sa atin ay tumawag at patuloy na tumatawag. Ang sabi nga sa awit: “Masdan nyo ang ningas ng pag-asa at ang awit nami’y pakinggan na tunay nating makakamtan ang buhay na walang hanggan.” Ang Taong 2025 ay naging isang mapagpalang panahon sa atin bilang kristiyano at nagpa-alala sa atin na sa Panginoong Diyos lamang natin matatagpuan ang buhay na walang hanggan at gayundin naman, na ito ay ating lubusang makakamtan sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesucristo na sa atin ay lubos na nagmahal at patuloy na nagmamahal.

Sa loob ng mapagpalang karanasang ito ng Hubileyo, mayroon pang mga pangyayari at kaganapan na nagpasidhi sa ating karanasang espiritwal, pumukaw sa ating mga diwa at kalooban bilang mga kasapi ng Simbahan. Una ay ang hindi natin inaasahang pagpanaw ng ating mahal na Santo Papa Francisco sa loob pa naman mismo ng Taon ng Hubileyo ng Pag-asa. Kaugnay at kasunod nito ay ang masaya at mapagpalang pagkakahalal naman kay Robert Kardinal Francis Prevost bilang ating bagong Santo Papa Leo XIV.

Ang Pagpanaw ni Papa Francisco: Ang Masugid na Lingkod ng Pag-asa

Ang pagyao ng Santo Papa Francisco sa araw ng Lunes sa oktaba ng Pasko ng Pagkabuhay (Easter Monday, 21 Abril 2025) ay labis nating ikinagitla. Nagdulot sa atin ito ng matinding kalungkutan at sa ating mga puso ay lumikha ng puwang at kawalan. Siya na nagpasinaya sa Hubileyo ng Pag-asa at sa atin ay nangunguna sa mga programa ay sukat na yumao at nauna pang lumisan sa ika-apat pa lamang na buwan ng taon ng pagdiriwang. Magkahalong lungkot, hapis, pagkabigla at pag-aalala ang ating nadama. Pakiramdam natin ay mga anak tayong iniwan ng ama. Hindi pa nga nag-iinit o lubos na nadadarang ang mga puso natin sa “ningas ng pag-asa” ay sukat na iniwan tayo at kumbaga inawat sa di sana ay masaya pang pagtungo sa kaloob-looban ng Hubileyo ng Pag-asa. Totoo, siya ay 88 taong gulang na, may mga sakit at karamdaman pa, at sa katunayan sa ospital ay kalalabas pa lamang niya. Gayunpaman ang kanyang pagyao sa mga unang sandali pa lamang ng disin sana ay isang buong linggong pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ay nagsilbing dagok sa ating lahat. Wala na ang Santo Papa na pumukaw sa ating mga

puso at damdamin, nagpa-alala at nagbukas malay muli tungkol sa ating sarili at sa ating simula bilang Simbahan ni Jesucristo—isang Simbahang ang kalooban ay bukas sa iba, mapagpakumbaba, mahabagin at mapagkandili lalu na sa mga naliligaw ng landas, nakikinig sa tinig ng kapwa, nakikipaglabay at umaalinsabay sa isa't-isa, nakikibahagi at lubos na umuunawa sa mga pag-araw-araw na hamon at suliranin sa buhay ng maraming nilalang, kaya naman dahil dito ay isa siyang Simbahang tunay na nagsisilbi sa tao at, tulad ni Cristo, ay handang lumuhod at maghugas ng mga paa ng tao, tumulong sa mga nabibigatan sa kanilang mga pasanin at suliranin, magpagaling ng kanilang mga sugat. Sa madaling salita, isang Simbahang tunay na nakapagdudulot ng pag-asa kanino man.

Pag-asa ang tila nga matinding pangangailangan ngayon ng ating mundo. Sa panahon ng panunungkulan ng Santo Papa Francisco, ang puso ng tao sa mundo nating ito ay tila nabuhayan at ang apoy ng pag-asa sa kanilang mga kalooban ay nagdingas. Tunay na sa pagbibigay niya ng natatanging pansin at pagpapahalaga sa mga dukha at mga kawawa tulad halimbawa ng mga migrante at mga takas na humahanap ng kanlungan, mga nasa piitan at mga laylayan ng lipunan, sa kanya ay natagpuan nila ang isang pastol na lubhang nagmamahal at sadyang nagmamalasakit. Dahil dito, si Papa Francisco nga ay di lamang isang tanda na itinuturo sa atin sa di kalayaan ang pag-asa kundi isang tanda na kung saan nakikita mismo at nararamdaman ang itinuturo nito. Siya nga ay masugid na tanda ng pag-asa, nagsisilbing pag-asa, lingkod ng pag-asa.

Ang mukha niyang maamo't tila laging nakangiti ay paalala ng isang mapagkandiling presensya ng Diyos sa tao. Sapat na nga ito para ang sinuman na makita siya o lumapit sa kanya ay mabuhayan ng pag-asa. Subalit idagdag pa dito ang masugid niyang pagsasakatawan sa pag-asa, tulad halimbawa ng pagdalaw niya sa mga piitan at ang paghuhugas niya sa mga paa ng mga hinatulan at kinalimutan na ng lipunan. Alalahanin din natin ang pagtungo niya sa Isla ng Lampedusa sa Italia kung saan maraming mga migrante mula sa North Africa ang dumarating, itinataya ang buhay, sinusuong ang sarili upang tawirin ang mapanganib na dagat, at sa kasawiang-palad kadalasan sa Europa ay di na umaabot pang buhay. At sino nga sa atin ang makakalimot sa kanyang pagparito sa ating bansa nang daanan tayo ng super-typhoon Yolanda noong Enero ng 2015, upang tayo ay kanyang damayan at aluin, at ang mga naulila at nasawi ay ipanalangin. Si Papa Francisco nga ang Papa ng mga aba at kawawa. Kaya naman sa kanyang pagpanaw noong Abril 21 sa Taon ng Pag-asa, bagamat tayo ay lubhang namighati at nalungkot sa pagpanaw niyang ito, tayo naman din ay napuno ng pag-asa, pasasalamat at pagpupuri sa Diyos sa pagkakaloob niya sa atin ng isang mabuting pastol, dakilang lingkod at tagapagtaguyod ng pag-asa sa mundo, ng isang Papa na kahit na sa maikling panahon ng kanyang panunungkulan sa Simbahan ay lubhang nagpalakas, bumuhay at nagpatibay sa ating mga mananampalataya upang nang sa ganun ay mas piliin natin ngayon ang patuloy na maglabay at tahakin ang daan ng pagiging tunay na Simbahan ni Kristo na siyang itinuturo niya sa atin. Ang daan na ito na tinutukoy natin ay walang iba kundi ang daan o landas ng pagiging Simbahang Sinodal.

Ang pagyao ng mahal na Santo Papa Francisco sa araw ng Lunes ng Muling Pagkabuhay at ang paglilibing sa kanyang mga labi makalipas ang apat na araw ng pagpupugay at pagluluksa sa kanya ay pormal na nagsara sa kanyang panunungkulan bilang Papa, bilang Lingkod ng mga Lingkod ng Diyos (Servant of the Servants of God) at Pangunahing Pastol ng Simbahan (Supreme Shepherd of

the Church). Sa loob ng Basilika ng Santa Maria Maggiore sa Roma, malapit mismo sa larawan ng Mahal na Birhen Maria na tinaguriang *Salus Populi Romani* (Kaligtasan ng Sambayanang Romano), ang Santo Papa mula sa Americas ay inihimlay. Samantala, tayo na bumubuo ng Bayan ng Diyos ay tigib naman ng pag-asa na sa kanya na naglingkod ng buong katapatan ay igagawad ng Butihing Maykapal ang gantimpala ng muling pagkabuhay sa piling ni Kristo mismong Muling Nabuhay.

Kardinal Robert Francis Prevost: Ang Bagong Santo Papa Leo XIV

Ang pagyao ni Papa Francisco at ang pagtatapos ng kanyang panunungkulan sa Simbahan bilang Santo Papa ay nagsilbing daan at pagbubukas naman sa isa ring makasaysayang panunungkulan ng isa uling bagong lingkod ng Simbahan. Ito ay mahalaga at makabuluhang sandali sa buhay natin bilang Simbahan. Ang sandaling ito una sa lahat ay binubuo ng nangyaring unti-unting pagkilatis at pagkilala sa isang bagong pangunahing pamumuno sa Simbahan. Walang kadudang dudang kaloob ito ng Espiritu Santo sa buong Simbahan, kaloob na kinakailangang makilala at kilalanin muna ng mga kardenal ng Simbahan na siyang pipili sa kanya.

Sa Simbahan bagamat ang pamumuno ay nagbabago at napapalitan, natural pa rin naman na ang pamumunong ito ay nakaalinsunod at nakaugnay pa rin sa nauna na dito at siya rin namang sinusundan nito. Sa pagbabago at pagpapalit-palit ng pamumuno naroroon at naroroon lagi sa hanay ng mga pamunuan ang tinatawag na bahagi ng pagpapatuloy (continuity) at di-pagpapatuloy (discontinuity). Noon pa man bago magsimula ang Conclave 2025, kung saan ang mga manghahalal ng mga Kardenal ay inihiwalay sa madla para sa kanilang natatangi at napakahalagang tungkulin na pagboto sa bagong Santo Papa, marami na ang nagtatanong kung sino nga ba ang dapat nilang piliin na siyang magiging kahalili ng yumao't naunang Santo Papa. Siya ba ay dapat tulad ni Papa Francisco sa takbo ng pag-iisip at paraan ng pamumuno o dapat maiba naman at di tulad niya. Makalipas ang dalawang linggo na binubuo ng 12 araw na mga Pangkalahatang Pagtitipun-tipon (General Congregations) para sa malapitang pagkilala sa isa't-isa at pagtalakay sa mga mahihigpit na usapin at hamon sa Simbahan sa kasalukuyan, ng pagpapalitan ng kuru-kuro tungkol sa mga katangiang dapat na taglayin ng magiging bagong Santo Papa, at ng halos kulang-kulang na 2 araw para sa Pinid ng Pagpili at paghahalal (Conclave) sa bagong Santo Papa, napili at nahalal ng mga Kardenal mula sa kanilang sariling hanay si Kardenal Robert Francis Prevost. Siya ay isang Amerikano, tubo at laking Chicago sa Illinois ng Estados Unidos. Subalit bagamat Amerikano, matagal rin naman siyang namuhay at naglingkod, una bilang misyonero sa Peru sa Latin Amerika at kasapi ng isang pandaigdigang order na tinatawag na Agustiniyano. Makalipas ang maraming taon bilang Agustiniyanong misyonero sa Peru, siya ay napili at nagsilbing Obispo sa Chiclayo doon din sa bayan ng Peru sa loob ng halos walong taon. Kaya naman sa haba ng panahon ng kanyang karampatang gulang, siya ay sadyang babad sa buhay at paglilingkod bilang pastol ng Simbahan sa Peru, Latin Amerika. Paglaon siya ay hinugot ni Papa Francisco mula sa Chiclayo at dinala sa Roma, at sa Vatikano ay itinalagang Kardinal Prefeto ng napakahalagang Dikasteryo para sa mga Obispo.

Sa loob lamang ng halos tatatlong taon ng pananatili at paglilingkod niya sa Roma, si Kardinal Prevost ay nakilala sa kanyang malawak na karanasan ng paglilingkod sa Simbahan at sa malalim at malawak na pagkakaunawa din niya sa takbo at mga suliranin ng mundo na kinapapalooban ng Simbahan ding ito. Nang

siya ay mahalal at tanggapin niya ang bagong tungkulin bilang Santo Papa, pinili niya ang pangalang Leo XIV. Ito ay sadya niyang pagpaparangal at pagpupugay sa malaon nang nauna sa kanya bilang Santo Papa na nagtaglay din ng ganoong pangalan, walang iba kundi si Papa Leo XIII.

Magandang ating saglitan at bigyang pansin ang nakaraan kaugnay ng makasaysayang panunungkulan ng isang Papa na kung saan dagling nagmula at nagbabalik ang napiling pangalan ng bagong Santo Papa Leo XIV. Ayon sa kasaysayan ang nakalipas na Papa Leo XIII ay nagsilbing Papa simula noong 1878 hanggang 1903. Iyon ay panahon ng napakalaking pagbabago sa lipunan at gayundin naman sa sitwasyon o kalagayan ng Simbahan sa mundo. Mula sa dati nitong makapangyarihang kalagayan ng pagmamay-ari sa mga tinatawag pa noong mga Lupain ng Papa (Papal States) sa Europa, si Papa Leo XIII ay nahalal na pamunuan ang Simbahang wala nang anupamang ganung pagmamay-ari at kapangyarihan. Sa pagkawala ng mga lupaing yaon na dati niyang mga pag-aari, tila nawala kundi man nabawasan ang lakas at kapangyarihan niyang taglay kaugnay at laban sa iba pang mga hari at kapangyarihan sa mundo. Sapagkat di hamak na ang mga malalaking lupain at kahariang iyon ang ipinagmamalaki at hinihugutan niya ng yaman, kalayaan, at kapangyarihang pulitikal. Noong panahon ding iyon umiigting ang industriyalisasyon sa mundo at nagiging mainit na usapin ang halaga ng kapital (capital) kumpara at laban sa halaga ng paggawa (labor), at kaugnay din naman nito ay ang mga karapatan at tungkulin ng mga kapitalista't namumuhunan at ng mga simpleng manggagawa. Sa lahat ng ito ang mas malalim na usapin at ang mismong nakatayang isyu naman ay walang iba kundi ang dangal mismo ng isang tao at isang manggagawa (dignity of man and labor). Sa panahong ito nabantog si Papa Leo XIII dahil sa kanyang sinulat na ensiklikal (encyclical) na pinamagatang *Rerum Novarum*. Ang 1891 ensiklikal na ito ang siyang naglatag ng saligan o pundasyon ng katuruang sosyal (social teaching) ng Simbahan na kung saan ang dangal ng paggawa ay kinilala at binigyan ng kaukulang pagpupugay. Kaugnay nito ay ang mariing pagtatanggol sa karapatan din naman ng bawat tao para sa kanyang sarili't pribadong pag-aari. Sa ensiklikal na iyon ay binigyang diin ang magkaparehang tungkulin o responseibilidad ng mga namumuhunan at tagapag-empleyo sa isang banda, at ng mga manggagawa sa isa pang banda. Itinuturo dito ang karapatan ng mga manggagawa tungo halimbawa sa kanilang pagkakaisa at pagbubunsod bilang mga manggagawa (workers union), karapatan sa karampatang sahod at sa pagiging ligtas sa pagtatrabaho. Tinanggihan ng Simbahan ang sosyalismo at gayundin naman ang walang patumanggang kapitalismo. Pinili nito ang kagitna ng dalawang extremes na mga ito.

Kaya naman ang ngalang Leo XIV na pinili ng bagong Santo Papa para sa kanyang sarili ay sadyang makahulugan at mahalagang tanda. Ito para sa kanya ay pagbabadya sa kahalagahan at makasaysayang pamumuno ng nauna nang Santo Papa Leo XIII, at gayundin naman sa malalim na pagkakaunawa niya di lamang sa kritikal na sitwasyon ng Simbahan at ng mundo noon kundi rin naman sa ngayon. Tila бага sinasabi sa atin ngayon ni Papa Leo XIV na tayo man ngayon ay nahaharap sa nahahawig na hamon noong panahon ni Papa Leo XIII kung saan ang Simbahan ay tinatawag tumugon ng nararapat at naaayon sa misyon nito sa mundo. Kaya naman kung ang pagbabatayan lamang ay ang ngalang napili ng Santo Papa Leo XIV, tila ang nais at hangad niyang gawin para sa atin ay tulad din naman ng ninais at hinangad gawin ng nauna ng Santo Papa Leo XIII: na ang Simbahan ay makatugon ng nararapat bilang Simbahan ni Kristo sa takbo at hamon ng panahon ngayon. Dito lamang ay maaari na marahil nating masipat ang direksyon ng pamumuno

at pagpapastol na gagawin ng ating bagong Santo Papa Leo XIV. Ngayon pa lang ay masasabi na nating sisikapin din niyang bigyang pansin at pagpapahalaga ang kalagayan ng sangkatauhan sa panahon natin ngayon, ang tunay na dangal ng tao bilang tao, kabilang na dito ang kanya ding dangal bilang isang manggagawa lalo sa panahon natin ngayon kung saan muling nasusubok ang tunay na kahulugan at kahalagahan ng tao bilang isang mapanglikha at produktibong mamamayan sa harap ng mga hamon ng mas makabagong teknolohiya kasama na ang AI o Artipisyal na Katalinuhan. Ano ba ang kontribusyon o maaaring magsilbing kontribusyon ng tao (kumpara sa ibang nilalang), o ng isang tao (kumpara sa kanyang kapwa tao) sa ikauunlad nitong mundo at sangkatauhang nilikha ng Diyos ayon na rin sa kalooban niya para sa tao? Nakakapanabik na makita ngayon pa lamang ang maiaambag ng ating Bagong Santo Papa Leo XIV sa Simbahan at sa buong sangkatauhan sa kanyang paglilingkod mula ngayon at sa mga darating pang mga taon bilang Punong-Lingkod-Pastol ng Simbahan.

Simbahang Sinodal: Ang Buháy na Pamana ni Papa Francisco sa Atin

Kaugnay ng makahulugang pangalang *Leo XIV* na napili ng ating bagong Santo Papa para sa kanyang panunungkulan bilang Santo Papa at sa makasaysayang kontribusyon ng naunang Santo Papa sa Simbahan at sa mundo, hindi maikakaila na sa harapan ng kanyang panunungkulan ay nakatindig ngayon ang pamanang buháy (living legacy) ng kanyang hinalinhang Santo Papa Francisco. Ang tinutukoy natin dito ay walang iba kundi ang nasimulan na niyang daan at proseso ng pagpapanibago ng Simbahan (Church renewal) sa panahon natin ngayon. Ito ay bilang pina-igting na pagpapatuloy na rin ng nasimulang pagpapanibago ng Ikalawang Konseho Vaticano noon. Kaya nga kaugnay na rin ng ika-60 Taong Anibersaryo ng Pagpipinid ng huling sesyon ng Ikalawang Konseho Vaticano noong 1965, ang diwa ng sinodo sa loob ng Konsehong ito ay nagpapatuloy, hindi na nga lamang nakalimita ang sinodong ito sa mga Obispo tulad nun dati kundi bagkus ay mas pinalawak pa at nakasali na din sa prosesong ito ang buong Simbahan. Layunin ng proseso ng pina-igting na pagpapanibagong inilunsad ni Papa Francisco ay ang panawagang ang Simbahan ay maging sinodal o mas maging sinodal pa, at ng sa gayun nga ay kakikitaan ng mga sumusunod na katangian: *pakikipagkaisa* (communion), *pakikibahagi* (participation), at *pagmimisyon* (mission). Ang puso ng Simbahang Sinodal natural ay ang pag-eebanghelyo (evangelization). Ito ang kanyang misyon—ang pagbabahagi at pagpapalaganap ng Mabuting Balita na walang iba kundi si Jesucristo—ang dakilang pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang pamamaraan naman ng pagsasakatuparan ng misyong ito ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa mundo sa ngayon ay ang *pakikilakbay* (walking together). Higit sa lahat, ang pakikilakbay nating ito bilang mga kasapi ng Simbahan na kung saan tayo ay magkakasama-sama at kung saan naroroon sa atin ang matamang *pakikinig* (listening) sa isa't-isa lalo't higit sa mga kasama nating di nabibigyang puwang o halaga o dili kaya ay di nabibigyan ng pagkakataong makapagsalita at makiisa ay napakahalaga. Sa pagbibigay ng sapat na panahon at atensyon, ng matamang pakikinig natin na ito sa isa't-isa, na syang hinihiling sa atin ng Sinodo, mas magiging lubusan ang *pagkilatis* natin sa tunay na panawagan at kalooban ng Diyos para sa atin bilang Kanyang Bayan.

Kaugnay ng pananaw na ito ni Papa Francisco tungo sa isang Simbahang Sinodal, matatandaang matagal-tagal pa bago siya pumanaw ay nakuha niyang simulan at gawin ang isang napakahalagang proseso. Ito ay nang tawagin niya at

pangunahan tayo sa anupa't naging isang magkakasamang paglalakbay na rin nating maituturing bilang Simbahan, paglalakbay tungo sa mithiing maging isa nga tayong tunay na Simbahang Sinodal (Synodal Church). Ang mithiin ay ang maging Simbahang Sinodal at ang pamamaraan tungo dito ay sinodal pa ring maituturing. Ang sinodong prosesong ito, ayon na rin kay Kardinal Mario Grech ns siyang Sekretaryo Heneral ng Sinodo ng mga Obispo, ay binubuo ng magkakaugnay at magkakasunud-sunod na yugto: Una sa lahat, ang *Yugto ng Konsultasyon at Pakikinig* sa Bayan ng Diyos (Consultation Phase). Ito ay nangyari noong 2021-2023. Kasunod nito ay ang *Yugto ng Pagdiriwang* (Celebratory Phase) na binubuo naman ng dalawang sesyon o pagpupulong ng Kapulungan ng Sinodo ng mga Obispo (Assembly of the Synod of Bishops). Ito ay ginanap tulad pa rin naman ng dati sa Roma, una noong Oktubre 2023 at pagkatapos nito, makalipas ang isang taon, ay noon namang Oktubre 2024. Ang dalawang mga pagpupulong na ito ay sadyang napakahalaga sapagkat dito ay unti-unting binuo o isinabuo ang pagpapasya (resolutions) na nararapat gawin, at gayundin naman ang pagwawakas, ika nga, sa pag-aninaw o pag-unawa (discernment) na isinagawa sa Roma batay na rin sa nauna nang malawakang pakikinig sa Bayan ng Diyos (Unang Yugto). Kaya nga ayon na rin sa balangkas na nauna nang nagbigay-liwanag sa sinodong prosesong ito (Synodal Process), ang Bayan ng Diyos, ika nga, ang siyang talagang punu't dulo (point of departure and point of arrival) ng mahabang prosesong ito. At ngayong natapos na nga ang dalawang mahahalagang bahagi ng sinodong prosesong ito (Yugto 1 at 2), dumating na ang sandali ng tinatawag namang *Yugto ng Pagpapatupad* (Implementation Phase).

Sa katunayan ang Huling Yugtong ito ay naumpisahan na rin naman isagawa ni Papa Francisco bago pa siya pumanaw ng Abril 2025. Limang buwan bago dumating ang sandaling ito ng kanyang pagpanaw, inendorso niya sa buong Simbahan noong Nobyembre 24, 2024 ang tinatawag na FD o *Final Document* na siyang bunga mismo ng XVI Ordinary General Assembly ng Sinodo ng mga Obispo sa Roma. Ang mahalagang dokumentong ito ay akma ngang pinamagatang *For a Synodal Church. Communion, Participation, Mission* (Para sa Isang Simbahang Sinodal. Pakikiisa, Pakikibahagi, Misyon). Ang FD o ang Pangwakas na Dokumentong Sinodo ng mga Obispo na ito nang lumabas ay agad na sinang-ayunan ni Papa Francisco, at kapagdaka ay kanyang ipinagkaloob—walang labis, walang kulang ika nga—sa buong Simbahan. Sa pamamagitan ng ginawa niyang ito, ang naturang dokumento ay naging bahagi na mismo ng kanyang Magisterium bilang Santo Papa, o ng tinatawag nating ordinaryong Magisterium ng Kahalili ni San Pedro (Ordinary Magisterium of the Successor of Peter).

Dahil sa ginawa niyang agarang pagtanggap at pag-endorso sa FD ng Sinodo ng mga Obispo sa buong Simbahan, ipinapakita ni Papa Francisco sa atin ang tunay na ibig sabihin ng pagiging Simbahang Sinodal. Hindi na kinakailangan pa niyang basahin bilang Papa at pagnilayan muna ang nilalaman ng FD ng Sinodo ng mga Obispo at pagkatapos ay buuin naman niya batay na rin dito ang kanyang sariling naisip at katuruan ukol dito. Pagkatapos ay saka pa lamang niya ibibigay at ipapasa sa Simbahan ang katuruang nararapat ayon sa kanya, isang katuruang maituturing na talagang kanya. Subalit sa halip na ganito ang mangyari, minabuti ni Papa Francisco na agaran nga niyang tanggapin ang FD o ang pangwakas na pagpapasya (resolutions) ng buong Sinodo at ipagkaloob ito kapagdaka sa buong Simbahan bilang kanya na rin mismong sariling katuruan (Papal Magisterium). Sa isang banda, pagkatapos nga naman ng lahat, ang FD ng mga Obispo ay sa kanya na ring maituturing sapagkat ito man ay nababatid niya rin, hindi na nga basta

ang nilalaman lamang kundi pati na rin ang pinagdaanan nito. Bakit? Sapagkat siya mismo ay naging kabahagi at kaisa sa prosesong ito, sa sinodal na prosesong ito: sa sama-samang talakayan, sa mga usapan, pagbabahaginan, at pakikinig sa lahat ng mga pinag-usapan dito. Kaya naman sa isang banda ay hindi na tayo dapat pang magtaka kung pagkatapos na pagkatapos ng Sinodo ay minarapat nya na rin agarang tanggapin at ipagkaloob ito sa buong Simbahan di lamang bilang bunga ng kanyang sariling pag-iisip at paggawa kundi bilang bunga na rin mismo ng mahaba at masusing konsultasyon, ng pakikinig at pagbabahaginan, na umabot sa isang sama-samang pagpapasya (sinodo). Kaya naman ng ito ay agarang tanggapin at iendorso sa Simbahan ni Papa Francisco, ang nilalaman ng dokumentong ito ay naging bahagi na nga rin ng kanyang Ordinary Magisterium, ng kanyang pangkaraniwang Pagtuturo o Pangangaral bilang Santo Papa na Kahalili ni San Pedro. Kaya naman dahil na rin dito masasabing ang katuruang ito tungkol sa Simbahang Sinodal ay isang Katuruang totoo at di namamali. Sa buong-laya at taos-pusong pagkakaloob ni Papa Francisco nito sa atin, nararapat lamang natin itong tanggapin din bilang Simbahang masunurin, may pagkilala at paggalang sa Teaching Office (Magisterium) ni Papa Francisco na Kahalili ni San Pedro. Ang Simbahang Sinodal, sa madaling salita, sampu ng prosesong sinodal kaugnay nito na siya namang nagdulot na rin nito ay bahagi na ngayon ng Katuruan ng Simbahan dahil kay Papa Francisco. Narito ang turo: ang Sinodo at pagiging Sinodo ang paraan o daan ng pagiging Simbahan ni Kristo. Dito nga ay matutunghayan ang hinahangad na pagbabago at pagpapanibago ng Simbahan.

Sadyang natatangi at masasabing talaga namang pambihira ang ginawa ng Santo Papa Francisco tungkol sa binabanggit na proseso't mithiing Simbahang Sinodal. Malinaw na hindi lamang ito pagtuturo (teaching) kundi pagpapatotoo (witnessing) na rin tungkol sa Simbahang Sinodal na nais niyang lubusang tumayo at tuluyang makatayo kahit na wala na siya. Kung noong dati kung saan pagkatapos ng Pagpupulong ng Ordinary General Assembly ng Sinodo ng mga Obispo, ang Simbahan ay maghihintay pa muna ng ilang buwan o dili kaya ng isa pang taon para sa paglabas ng opisyal na katuruan, katuruan na kumbaga ay magmumula hindi sa Sinodo kundi sa Santo Papa mismo, ngayon ay malinaw: ang FD ng Sinodo na tahasang iniendorso ng Santo Papa ang lumalabas na ngayong Apostolikong Katuruan o Pangaral (Apostolic Teaching). Ang masasabing kakaiba at kahanga-hanga dito ay ang katotohanang ang dokumentong ito ay talagang nagmula sa buong Sinodo kung saan nakapaloob si Pedro (ang Santo Papa) mismo dito. Kumbaga kung ano ang nilalaman ng FD ay iyon at iyon na rin ang nilalaman ng isip at puso ng Santo Papa. Kumbaga ay hindi na kailangan pang maghintay ng Simbahan. Ang katuruan tungkol sa Simbahang Sinodal na ibinigay sa kanya ng Sinodo ang katuruang ibinibigay niya rin ngayon sa buong Simbahan. Ang sinabi o sinasabi ng Sinodo ng mga Obispo ay sinasabi na rin mismo ng Santo Papa. Sadyang pambihira ang Synodal Process na ito sapagkat sa pamamagitan ng kanyang tahasan at lubusang pagtanggap sa FD ng Sinodo, binigyan ni Papa Francisco ng lubos at ganap niyang pagkilala at pagpapahalaga ang naging bunga (discernment) ng Sinodo ng mga Obispo. Muli, sa madaling salita, ang kanilang sinasabi ay kanya na ring sinasabi, ang kanilang itinuturo ay kanya na ring itinuturo. Dito ay makikita natin ang taos at lubos na paniniwala ni Papa Francisco sa tunay na kahulugan ng Simbahang Sinodal at ganun din naman ang taos at lubos niyang pagsunod dito. Sa kanya ngang pagsunod dito ay mas pinili niya ang mapasailalim sa kaisipan at pasya ng Sinodo. Ito ay napakahalagang pagpapatotoo, isang mapagpakumbabang pagpapatotoo at di matatawarang paglilingkod niya sa Simbahan at sa Simbahang Sinodal na nais niyang makita natin at tuloy ay mapatotohanan din.

Bilang Obispo ng Roma, tila naniniwala siya na bagama't kinikilala siya at iginagalang ng buong Simbahan bilang Santo Papa at Kahalili ni San Pedro, nakikita naman din niya ang kanyang sarili na bahagi at nanatiling kabahagi ng Kapulungan ng mga Obispo (College of Bishops), kapulungang tumatahak ng magkakasama sa landasin ng pagiging tunay na Simbahan ni Kristo. Sa dignidad nila bilang mga Obispo na kahalili ng mga Apostol sila ay pare-pareho at magkakapantay, magkakapatid, ika nga, o magka-kapwa-alagad at apostol, kung kaya naman sa kanilang paglalakad o pagtahak bilang mga apostol, sila ay dapat lamang magkakasama at magkakaalinsabay. Kaugnay nito, malinaw na sa ginawang iyon ni Papa Francisco, ang Simbahan bilang pamayanan ng mga alagad-misyonero ni Kristo ay naging talagang sinodal. Dito ang Santo Papa ay kasa-kasama at di nalalayo ni nakatataas sa iba pa, at sa pag-aninaw sa katotohanan at sa pagtuturo nitong bagay ring ito siya ay kasama at kaalinsabay nilang lahat.

Bagama't ang Kolehiyo ng mga Obispo (College of Bishops) ay nangangahulugan ng kanilang pagiging *collegiate* sa isa't-isa bilang mga kasapi nito, pagdating naman sa kanilang relasyon o kaugnayan sa Santo Papa bilang Kahalili ni San Pedro, siya ay nakikita nila at kinikilala nila bilang kanilang pinuno at tagapagsalita. At dahil na rin kay Kristo na siyang nagtalaga sa kanya bilang kanilang una't punong lingkod, mayroon nga siyang pangunguna (Primacy) sa kanila, subalit ito ay primacy *in terms of love and service*, ika nga. Para kay Papa Francisco ang katotohanang ito ay malinaw. Nais niya na itong pang-unawang ito ay lumabas at lumutang din upang nang sa gayun ay makita at masaksihan ng lahat ang kahulugan at kabuluhan nito. Ang pangungunang ito sa pagmamahalan at paglilingkod ng Kahalili ni San Pedro ay kanya ngang maipapakita at ipinakikita hindi sa pamamagitan ng pagwawalay o paghihiwalay niya ng kanyang sarili sa kanila sa kadahilanang siya ay pinuno nila kundi bagkus ay ipinakikita niya sa paraang sinodal o sa pakikiisa at pakikalakbay niya kasa-kasama sila. Sapagkat sa katunayan sa naganap na Sinodo ng Kapulungan ng mga Obispo sa Roma, siya nga ay kasa-kasama nila sa lahat ng mga usapan at talakayan, nakikikinig sa kanila at sa lahat ng mga mahahalagang kabahagi nila (mga layko at relihiyoso). Kaya naman sa bandang huli ang napagkaisahan ng lahat ay napagkaisahan nga nila na kasa-kasama siya. Ito nga ang tunay na ibig sabihin ng Simbahang Sinodal: magkakasamang naglalakbay kung saan pati ang Santo Papa ay kasama't kalakbay; wala ngang nauuna o nahuhuli, walang nasa may itaas at may nasa ibaba. Lahat samasama. Kaya nga sa pag-iendorso ni Papa Francisco sa FD ng Sinodo ng mga Obispo, ipinakita lamang niya doon ang natural na kahulugan ng tunay na pagiging Sinodal ng Simbahan lalu't higit at nagmumula mismo sa liderato nito. At ito nga ang mahalagang patotoo at ordinaryong pangaral (ordinary magisterium) ni Papa Francisco.¹

¹ Sa liwanag ng maagang pagkamatay ni Papa Francisco, halos wala pa ngang anim (6) na buwan magmula ng iendorso niya ang Final Document ng October 2024 Ordinary Synod of Bishops na iyon, masasabi nating naging napakamakasaysayan ang ginawa niyang pag-iindorsong iyon ng FD sa Simbahan. Sapagkat sa pamamagitan noon ay napadali kumbaga ang pagsasakatuparan ng galaw, kilos o kaisipan na ito ng Simbahan bilang isang Simbahang Sinodal at tuloy ay pormal na maibilang ito bilang bahagi ng Magisterium ni Papa Francisco. Kung ating titignan ang mga nakaraang Sinodo ng mga Obispo na kung saan ang resulta ng pinag-usapan sa Sinodo ay nagkakaroon lamang ng bigat o halaga bilang isang aral o katuruan sa Simbahan matapos maisulat at mailathala ang Apostolic Exhortation ng Santo Papa kasunod nito, masasabi natin na sa kasong ito isang kilos probidensyal (providential act) ang nangyaring pag-iendorso sa FD ng Sinodo. Sapagkat gayun na nga, ayon na rin sa nabanggit, ay napabilis at napadali at higit sa lahat naseguro na ang bagay na ito ay bahagi na ng Ordinary Magisterium ng Santo Papa. Sapagkat kung hindi ay hindi rin natin lubos na malalaman kung sa pagkamatay ni Papa Francisco ito nga ay kikilalanin pa at magiging bahagi pa ng kanyang Ordinary Magisterium. Sa isang banda tila baga isang kilos propesya (prophetic act) ang kanyang agarang pag-iendorso dito at tuluyang pagyakap sa lahat ng mga rekomendasyon ng Pulong ng Sinodo ng mga Obispo. Nababatid niya kaya o nararamdaman na ito na ang pinakahuli niyang pormal na pagkilos at opisyal na pagtuturo sa Simbahan sa kahalagahan ng kanyang pagiging Simbahang Sinodal?

Matapos ang lahat ng ito, ngayon naman ang Pangaral niya ring ito na kung saan makikitang talaga ang pasya ng Sinodo ng mga Obispo ay humihingi sa atin ng nararapat na pagtugon bilang isang lokal na Simbahan ng Novaliches. Papaano ba tayo magiging isang tunay na Simbahang Sinodal ayon na rin sa Pangaral o Katuruan ng Simbahan (Katuruan ng Santo Papa at ng buong Kapulungan ng mga Obispo)? Dito pumapasok ang *Balangkas ng Pagpapatupad tungo sa Isang Simbahang Sinodal*, balangkas na binuo naman para sa atin ng mga Obispo ng Pilipinas (kasama ang buong Nasyonal na Sinodal Team) noong nakaraang Hunyo 2025. Batay na rin sa mahabang konsultasyon at pagbabahaginan, ang balangkas (framework) na ito ang napagpasyahan na magsisilbing gabay para sa mga lokal na Simbahan sa buong bansa upang maisakatuparan nila ng sapat at nararapat ang pagiging Simbahang Sinodal. Ang balangkas na ito ng CBCP ay malinaw at konkretong tugon una sa lahat sa panawagan sa buong Simbahan sa mundo na isakatuparan ang pagiging sinodal nito. Ito nga ay makalipas na iendorso ni Papa Francisco at tuluyan niyang akuin bilang kanya na ring Ordinary Magisterium ang FD ng Sinodo ng mga Obispo.

Pagbagtas sa Daang Sinodal: Limang Katangian ng Simbahang Sinodal sa Bansa

Ang proseso ng pagpapatupad ng Simbahang Sinodal sa bansa ay tinaguriang *Sulong-Padayon*. Sa katagalugan ang salitang *sulong* ay nangangahulugan ng isang matinding paghimok o pag-anyaya sa lahat na magtuloy o magpatuloy sa nasimulan ng isang pagkilos o paggalaw, at sa kasong ito ay sa pagkilos o paggalaw nga natin bilang isang Simbahang Sinodal. Sa kabisayaan, ang kaisipang ito ay mas maganda at mas akmang naipapahayag sa salitang *padayon*. Hindi agresibo o mapusok tulad halimbawa ng salitang *sugod* na tila baga may isang balaking karahasan. Kaya naman ang Balangkas ng Pagpapatupad tungo sa Pagiging Sinodal ng Simbahan sa Bansa (National Synodal Implementation Framework) ay naglalayon na himukin tayong lahat na magpatuloy sa nasimulan na nating pagkilos o paglalakbay bilang Simbahan Sinodal simula pa noong 2021-2023 (Unang Yugto). Ang pagsulong ay binubuo ng tatlong uri ng pagkilos na kung saan ang bawat kilos ay binubuo naman ng dalawang magka-ugnay na galaw na patungo pareho sa layuning nais nitong abutin. Ang tatlong pagkilos na ito ay ang mga sumusunod: *Tinig-Tawag*, *Tawid-Tanaw*, at *Tapak-Tindig*. Nilalayon naman ng tuluy-tuloy at matiyagang pagkilos na ito na maabot ang layuning tinatawag na *Tipan*.

Tinig-Tawag, Tawid-Tanaw, at Tapak-Tindig Tungo Sa Tipan

Sa tunog palang tila kay daling tandaan at sundan ang tawag pagkilos na ito ng Kapulungan ng ating mga Obispo (CBCP) tungo sa Simbahang Sinodal. Isa-isahin natin ito at sikapin nating unawain ang kahulugan at kahalagahan ng bawat isang nakapaloob dito.

Tinig-Tawag: Pakikinig sa Lahat at Paglilinaw sa Tawag

Ayon sa Balangkas ng pagpapatupad, ang pakikinig sa **Tinig** ang unang hakbang sa anumang prosesong sinodal: pakikinig sa tinig ng karanasan, ng mga tanda ng panahon, ng mga kasangkot sa usapin (stakeholders), at gayundin ng mga dukha at ng mga taong naisasantabi o dili kaya ay nasa mga laylayan ng lipunan.

Anupa't ang pakikinig na ito ay pakikinig sa tinig ng Diyos: Ano ba ang sinasabi ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng mga ito? Saan tayo tinatawag ng Diyos? Ano ang Kanyang panawagan (**Tawag**) sa atin? Napagtanto ng Simbahang Katolika na nasa kanyang pagiging Sinodal na Simbahan—sa kanyang pakikinig at pag-unawa sa ipinakahulugan ng mga tinig na ito sa kanyang paligid—matatagpuan ang natatanging uri ng kanyang pamumuhay at pagkilos (*modus vivendi et operandi*) bilang Simbahan at gayun din naman ng patotoong ipinagkakaloob niya sa mundo. Ayon na rin sa Balangkas na ibinibigay sa atin, lumalabas mula sa mga datos sa lahat ng mga rehiyonal na pagpupulong at pakikinig, ang (5) Limang Katangian ng Simbahang Sinodal sa Pilipinas: Simbahang 1) Nakikinig, Nakakaunawa at Nakikilakbay; 2) Bukas sa Pakikilahok: mga BECs, mga nabibilang sa karamihan at karaniwang mga pangkat (Grassroots), mga Sektor sa Laylayan; 3) May Paghuhubog Tungo sa Pagbabagong-Loob at Pagmimisyon; 4) Ang Istruktura ng Pamumuno at Pamamahala ay may Pananagutan at Pakikipagtulungan; 5) May Pakikipag-ugnayan (Partnership) at Pagpapaabot Tulong (Outreach) sa Iba.

Tawid-Tanaw: Pagbabagong-Loob at Pagtatakda ng mga Layunin

Ayon sa Balangkas, kapag ang tinig ng Diyos ay ating narinig nang buong linaw, tayo ay tinatawag nito na pumasok sa proseso ng pagbabagong-loob upang makatugon tayo sa tawag na ito ng Diyos sa atin at tuloy ay ating maisakatawan ito. Dito ay kinakailangan nating makatawid (**Tawid**) magmula sa isang sitwasyon o kalagayan, saloobin, pag-uugali, at kilos tungo sa isang bagong uri ng pamumuhay na magsisilbing tugon na natin sa tawag na ito ng Diyos sa atin. At habang tayo ay nagdaraan sa prosesong ito ng pagbabagong-loob, atin nang matatanaw (**Tanaw**) ng may mas ibayong linaw kung saan nga tayo gustong ihatid o dalhin ng Diyos (Tanaw na!) tungo sa mga layunin ng ating sinodal na paglalakbay. Sa bahaging ito, binibigyang diin ng Balangkas ang kahalagahan ng isang mahalagang pakikipag-usap. Ayon dito, sa pamamagitan umano ng isa pa uling Pakikipag-usap sa Espiritu (Conversation in the Spirit), uunawain ng mga mumunting pangkat na nagdaraan sa prosesong ito ang pangarap ng Diyos o ang nilalayan Niya (Pananaw) sa mga natatanging katangian ng Sinodal na Simbahan na kung saan sila ay nakatalaga (Balikan ang 5 mga Katangian ng Simbahang Sinodal sa itaas).

Tapak-Tindig: Paglikha ng Epekto at Pagpapanibago ng Ating Pagtatatalaga ng Sarili

Ang layunin/pangarap/pananaw ay magsisilbing parola (beacon) na magbibigay tanglaw sa daan tungo sa pagiging Simbahang Sinodal. Sa bahaging ito ng proseso ay hihilingin sa mga munting grupo na magnilay sa mga Landasin tungong Pagbabago (Pathways to Change), mga hakbangin na gagawa ng mga marka o dili kaya ay lilikha ng epekto (**Tapak**). Hihilingin sa mga kalahok na magbigay o magbahagi sila ng kani-kanilang mga naiisip na bago at radikal, ika nga, sa pamamagitan ng pagbisita sa iba't-ibang mga mesa na naglalaman ng mga

sumusunod na landasing sinodal: 1) Mga Pagtatagpong Humuhubog (Formative Encounters), 2) Mga Estruktura at Mekanismo (Structures and Mechanisms), 3) Inklusyon at Pagkakaiba-iba (Inclusion and Diversity), 4) Mga Kultura at mga Nakasanayan (Cultures and Practices), 5) Pakikipagtulungan at Pakikipag-ugnayan (Collaboration and Networking).

Sinasabi ng Balangkas na ang mga tunay na pagbabago ay napapadali ng mga kinatawan ng pagbabago na siyang kumakatawan nga mismo sa kanilang mga paniniwala at paninindigan (*Tindig*) sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at sa kanilang ministry o paglilingkod. Sa pagkakataong ito at bahaging ito ng Balangkas, sila-sila na mga obispo, kaparian, laiko, at mga relihiyoso ay nagkakatatago, inihahatid sa pagninilay sa kani-kanilang mga papel na ginagampanan sa kanila na rin mismong pangunguna sa sinodal na paglalakbay. Sa bawat pares ng panyapak na ipinagkaloob sa bawat isa sa kanilang mga kalahok sa prosesong ito, isusulat nila doon ang kanilang mga gampaning papel at kung anu-ano ang mula sa kanila ay inaasahan ng Diyos, at, gayundin naman, ang mga kahilingan at mga pagbati sa kanila ng kapwa nila obispo/pari/relihiyoso, laiko, at sila-sila ay magdarasal para sa isa't-isa.

Tipan: Pagbabalik sa Pakikipag-tipan sa Diyos

Sa pag-ibig niyang tapat (*Tipan*) para sa atin, ang Diyos ay walang sawa at patuloy na tumatawag at nananawagan sa atin na magpanibago (*ecclesia semper reformanda*), at muli at muli ay Kanyang ipinagkakatiwala sa atin ang misyon ni Jesucristo. Ang pagiging Simbahang Sinodal ay isang paraan para sa pagpapanibago nating ito, para sa ating pagpapanibagong tipan (Tipan) sa Kanya. Ang buong kapulungan, sa gabay ng panalangin, Bible sharing, pakikipag-usap sa Espiritu, at pagdiriwang ng Eukaristiya, ay nagsilbing pagkain na siyang nagpa-alala sa atin ng Tipan ng Pag-ibig ng Diyos at nagpalakas sa atin upang muli nating italaga ang ating mga sari-sariling buhay sa Diyos. Ang *Tanaw-Tawid-Tapak* (Layunin-Pagbabagong-loob-Landasin ng Pagbabago) ang magsisilbing Balangkas ng Pagpapatupad ng Simbahang Sinodal sa Bansa. Ibabagay ito sa kultura ng mga lokal na Simbahan upang ng sa gayun ang mga kasapi nito ay unti-unti at pagkatapos ay tuluyang maging handang makatugon sa mga hamong pansimbahan (ecclesial) at panlipunan (social) na kanilang kinakaharap sa kani-kanila na ring mga konteksto at kultura. Ito ang tipan (*Tipan*) ng lokal na Simbahan sa pagiging misyonerong Simbahang Sinodal sa Pilipinas.


Pangwakas na Salita


Sa bandang huli ay mapapansin natin ang pagsusumikap ng ating mga pinuno, lalu't higit ng ating mga Obispo, na makatugon sa panawagan ng Pandaigdigang Simbahan ni Kristo na tayo ay maging isang Simbahang Sinodal. Sinimulan ito ni Papa Francisco. Sa kanyang pagkamatay noong Abril 2025, ang simulaing ito ay di nagtatapos kundi bagkus ay binibigyang buhay at masiglang nagpapatuloy sa bagong pamumuno ng ating bagong Santo Papa Leo XIV. Matapos na siya ay mahalal na Santo Papa ipinahayag niya ang kanyang matibay na paniniwala na ang pagiging *sinodal* ng Simbahan ang siyang makakatulong dito upang mapabuti pa niya ng husto ang kanyang napakahalagang Misyon mula kay Jesucristo. Subalit papaano nga ba tayo magiging Simbahang Sinodal? Kinakailangang makuha at

matutunan natin ang diwa ng pagiging sinodal—sa isip, sa salita at sa gawa—mula sa buhay paglilingkod at pastoral na halimbawa ni Papa Francisco. Tulad niya, matuto din nawa tayong maging matiyagang makinig at makilakbay sa mga tao, sa mga kapwa natin lingkod lalu na sa ating mga Parokya, bikaryato at sa ating Diyosesis. Kinakailangan ding maging bukas tayo sa mga pamamaraan ng Diyos, sa pakikinig at pakikipag-usap sa Espiritu, sa pananalangin at mga pagninilay-nilay sa mga nangyayari sa loob at paligid natin sa ilalim na rin ng liwanag ng Salita ng Diyos. Kinakailangan din natin na maging handang dinggin, unawain at subukin na tahakin ang landas na iminumungkahi sa atin ng CBCP, sa pamamagitan na rin ng National Synodal Team. At ito nga ay ang inilalatag sa ating Balangkas ng Pagpapatupad ng Simbahang Sinodal sa ating bansa: ang Sulong-Padayon. Nawa ang prosesong ito ng ***Tinig-Tawag, Tawid-Tanaw, at Tapak-Tindig Tungo Sa Tipan*** ay ating masimulang maisagawa sa taong ito ng 2026, at sa 2027 naman ay maisakatawan natin ng lubusan ang ***Limang Katangian ng Isang Simbahang Sinodal***. Sa gayun tayo ay magiging handa sa 2028 para sa tinatawag na ***Ecclesial Assembly*** na gaganapin sa Roma na kung saan ay ating maibahagi ang ating pagtingin at pagsusuri sa ating naranasan bilang pagiging Simbahang Sinodal. Ang munting paglalahad na isinagawa natin dito ay magsilbi nawang paanyaya at insentibo o pampasigla para sa mas mahalagang pag-aaral at pagsasakatuparan nito sa ating mga Parokya at Bikaryato sa pagpasok pa lamang ng 2026.

Bilang pagtatapos, nais kong ipaabot ang aking malugod na pagbati. Sa lahat ng mga tagapagtangkilik ng *Paghahawan* na ating inilalathala taun-taon, nawa ang pagninilay natin sa Salita ng Diyos at paghahawan ng ating mga buhay sa liwanag ng Salita ding ito ng Diyos at sa layuning maisabuhay natin ito ay makaranas ng lalu pang pagpapala, kasaganaan at kapayapaan sa bagong taong ito ng 2026. At sa lahat ng mga tumulong at nag-ambag ng kanilang mga pagninilay sa aklat na ito ito at gayundin naman sa mga tumulong isaayos at pagandahin ang lathalaing ito, maraming salamat po sa inyong matiyagang pakikiisa, pakikipagtulungan at pakikilakbay.

Papuri at pasasalamat sa Panginoon na sa atin ay nagbibigay buhay, liwanag at galak! Amen.


REV. MSGR. JESUS ROMULO C. RAÑADA
*Priest-Director, Commission on Formation
and Vicar General for Administration*



Paghahawan Tungo sa Liwanag **Isang Paraan ng Pagninilay sa Salita ng Diyos para sa Ating Buhay**

Hinalaw ang paraan na ito mula sa kuwento ng simula ng bayan ng Novaliches. Matalahib at magubat ang lugar na ito. Noong taong 1856, pinag-utos ng gobernadorcillo ang pagtatabas ng mga matataas na talahib. Anong mangha ng mga tao! Nag-aliwalas ang lugar at lumiwanag kaya natawag nila itong TALA! Napansin nila ang lawak at lalim ng lugar at nakita nila ang marami-raming mga tao na naninirahan pala doon. Kalaunan tinawag itong NOVALICHES, Bagong Liwanag.

Ganyan rin ang buhay-Kristiyano, kung minsan nagiging matalahib at magubat, dahil sa iba't ibang maka-mundong bagay. Kailangan ang paghahawan ng sarili nang sa gayon lubos na lumitaw ang Tala na nagbibigay ng liwanag sa ating buhay. Ang Tala ay walang iba kundi si Jesus mismo na nagkatawang-tao at nakisama sa atin. Siya ang Salita ng buhay na kung minsan natatabunan ng iba pang mga salita na naririnig sa mundong ito at hindi nagkakaroon ng ganap na pagkakataon na magbigay tanglaw, lumahanap at pawiin ang dilim sa buhay natin. Sadyang kailangang gawing ang paghahawan.

PAGMAMASID

Batay sa Salita ng Diyos na ating nabasa, magmasid. Pagmasdan ang sarili at kapaligiran at ang nararamdaman sa kasalukuyan. May karanasan ba ako na malapit sa Salita ng Diyos? Ang layunin ng pagmamasid ay malaman muna kung ang binasa ay ayon o hind isa karanasan o kaalaman. Pinupukaw ang sarili upang maging handa sa mga susunod na mga hakbang.

PAGHAHAWI

Sa bahaging ito, hinahawi kung ano ang nilalaman o pinapahayag ng binasa. Ano ang nilalaman o pinapa-abot ng pagbasa? Ano ang mensahe? Kung may higit pa sa isang mensahe, maaring pumili lamang ng isa sa mga ito. Marahil ito ay napapanahon o karapat-dapat sa umiiral na sitwasyon o siyang nais palalimin. Ito ang magiging SENTRO AT LAMAN ng gagawing pagninilay. Anong kaalaman ang nakuha sa mensaheng ito? Ano ang naliwanagan? Ano ang bago at magandang nakuha? Anong mahalagang mensahe ang pumasok sa puso? Ano ang naramdaman?

PAGTATABAS

Dahil sa bagong liwanag na nasumpungan o dahil sa naging mas malinaw ang dating kaalaman o karanasan, ano ang dapat ituwid, baguhin, o ayusin na maling-akala? Anong asal, paniniwala, o kilos na di naaayon sa Salita na napagnilayan ang dapat baguhin? Maaring ang oagatabas ay gawin sa pag-iisip, kilos, asal o gawa.

PAGSASAAYOS

Ang liwanag ng Salita ng Diyos ay nag-aanyaya, naghahamon, o naguudyok na gumawa ng hakbang tungo sa mas maliwanag, maayos, makabuluhan at maningning na buhay-Kristiyano. Anong tamang pag-iisip, pagkilos, asal at damdamin ang itataguyod, palalalimin o palalawakin upang lubos na makamtan ang hangad na buhay. Sa pagsasaayos, binibigyan tayo ng pag-asa sa maaliwalas na buhay.

PAGDIRIWANG

Sapagkat isang biyaya ang magkaroon ng inspirasyon na tumugon sa pagbabago, kailangan ipagdiwang ang biyayang ito at ipagpasalamat ng taos-puso. Maaring iton ipahayag o ipadama sa pamamagitan ng isang pagbibigay papuri sa Diyos sa lahat ng Kanyang ilikha at nililikha. Maari ring pagpapahaya ng pangako o balak na kawang-gawa, pag-aalay ng kandila o bulaklak, pag-dalaw sa Santisimo Sakramento, o pagdamay sa kapitbahay na may sakit, at iba pang gawain ng pagmamahal.



*Pahayag ng Pananaw**

Tayo ang Simbahan ng Novaliches ay isang pamayanan ng mga alagad na nakasentro kay Kristo, pinangungunahan ng Espiritu Santo, nakikinig at tumutugon sa mga pangangailangan at mithiin ng mga tao, naglalakbay at nag-eebanghelyo kasama nila at gayundin naman ni Maria na ating ulirang modelo, patungo sa buhay na ganap at bago.

Pahayag ng Misyon

Nagtitiwala sa biyaya ng Maykapal at sa pag-akay ng Espiritu Santo, masaya nating itinatalaga ang ating sarili sa pinagpanibago't kinakailangang pag-eebanghelyo at paghuhubog sa pamamagitan ng:

- Pagbubuo ng pamayanan ng pananampalataya na may pagtanggap sa lahat, ibinibilang ang lahat, at tumutugon sa lahat;
- Pagtatayo, pagpapaunlad, at pag-aaruga ng mga Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan (Basic Ecclesial Communities BEC);
- Pagbibigay-kapangyarihan sa layko para sa aktibong pakikiisa sa buhay sosyo-pastoral ng simbahan;
- Pagsusulong ng diyalogo ng pananampalataya at buhay;
- Pagkakanlong sa sangnilikha at pangangalaga sa kabuuan nito;
- Pakikipamuhay sa mga dukha at mga naaapi ng may pakikipagkaisa sa kanila, sinasamahan sila, gumagawa kasama nila, nagpapasigla sa kanila sa paglilingkod para sa katarungan at kapayapaan, tungo sa mas lubos na pag-unlad at pagbabago ng lipunan.

*Ang Pahayag ng Pananaw na ito at ang mga sumusunod na Pahayag ng Misyon gayundin naman ng iba pang mga sumusunod na Mga Layuning Pastoral (13), Mga Mahahalagang Pag-Uugali (6) at Priyoridad Pastoral (5) ay bunga ng pagbabalik-aral at pagsisikap na papanibaguin ang mga dati nang Pahayag ng Pananaw, Pahayag ng Misyon, atbp. Ang pagbabalik-aral na ito ay ginawa sa Pangkalahatang Pagtitipon Pastoral ng Diyosesis noong ika-24 ng Setyembre 2022 sa Parokya ng San Bartolome. Pinagtibay naman noong ika-11 ng Marso sa Good Shepherd Cathedral, Shepherd's Place.

Mga Mahahalagang Pag-uugali

Ang Pananaw-Misyon ng Diyosesis ay lubhang nakasalalay at gayundin naman ay sadyang naipahahayag sa mahalagang pag-uugaling natatangi sa bawat isang kasapi ng pamayanan. Ang mga mahahalagang pag-uugaling ito ang siyang tumutukoy sa samasamang pagkakakilanlan, pagkatao at kadiwaan ng lahat ng sinumang nagnanais na mapabilang sa buhay at misyon ng pamayanang ito.

PAGIGING ALAGAD SA LOOB PAMAYANAN

Ang mga pagtatalagang nauna nang ipinahayag ay hahantong sa katuparan ng Pananaw ng Diyosesis para sa bawat kasapi nito na maging mga tunay na alagad ni Jesus, kinakikitaan ng pagiging di-makasarili, ng isang pag-ibig na mapagsakripisyo, at ng taimtim na pagtulad kay Kristo. Mga pinagbuklod sa iisang buhay lamang na kanila ring pinagsasaluhang lahat iisang buhay-pananampalataya na may pagsamba at mga pinagpapahalagahan sila ay mga taong nagbibigay patotoo sa Pag-ibig, Habag at Awa ng Diyos sa mundo, at dahil dito sila ay nakapag-aambag sa ikatataguyod ng ganap na buhay para sa lahat. Ang diwang makapamayanan ay sadya ngang mahalaga sa buhay ng isang parokya. Ang pagbubuo ng isang komunidad na anupat alinsunod sa pamamaraan ni Kristo ay di nga't kakikitaan ng pagkakaisa sa gitna ng kanilang mga pagkakaiba-iba, ng aktibong pagmamalasakit para sa pangkalahatang kabutihan at ng taos-pusong pag-aambag para dito, ng pagkakatawan sa iba't-ibang mga katungkulan, sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga pinuno man o kasapi ng pamayanan, at gayundin naman sa sama-sama nilang pagsasa-buhay ng mga pag-uugaling Kristiyano.

PAGIGING PUNONG-LINGKOD

Nakapaloob sa balangkas ng Kadiwaan ng Pagiging-Katiwala sa mismong loob ng Simbahan ng mga Dukha, ang pamumuno ay binibigyang pagpapahalaga walang iba kundi sa ganang paglilingkod. Ang sinuman ay nagiging pinuno hindi dahil sa anupamang pansariling interes, pangangailangan o balangkas mayroon siya, kundi alang-alang mismo sa paglilingkod na mayroon siya para sa Diyos sa ikatataguyod ng Kanyang Paghahari sa Simbahan at lipunan. Ang ganitong diwa ng paglilingkod para sa Diyos ay naipamamalas sa pagtatalaga ng sarili na maging laan sa kapwa, ang pinagsusumikapan lagi ay kung papaano sila magiging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos para na rin sa ipagkakaroon ng mas marami pang mga posibilidad at pagkakataon para sa sinumang tao na umunlad bilang tao at maabot nila ang ganap nilang potensyal ayon na rin sa kalooban ng Diyos. Bilang pinuno, sila ay nagsisilbing tagapagbigay-buhay at sigla, may taglay na kakayahang makapagbigay lakas at kapangyarihan sa mga pinaglilingkuran nila at tuloy ay nagagawaran nila sila ng kalakasan at kapangyarihan na makapaglilingkod din tulad nila.

PAGIGING TAGAPAMAHALA

Ang pinakamahalagang pagkakakilanlan sa mga pinuno at kasapi ng pamayanan sa mga parokya at sa mga Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan (BECs) ay ang kanilang pagiging butihing tagapamahala ng buhay na kaloob ng Diyos at gayundin naman ng lahat ng iba't-iba pa Niyang pagpapala na nagpapanatili ng buhay na iyon: kalikasan at kapaligiran, panahon, galing, kayamanan, pananampalataya, at bokasyon. Bilang mga butihing tagapamahala, sila ay puspos ng diwa ng pasasalamat sa kagandahang-loob ng Diyos; may pitagan sa mga kamanghamanghang sorpresa mula sa Diyos; may pangunahing tiwala sa pangangalaga ng Diyos, at may pag-ibig at katarungan sa puso na siyang nagbubunsod sa kanila na magtalaga ng kanilang sarili na paglingkuran ang kanilang Diyos sa kapwa. Ang tawag ng pamamahala sa kalikasan ang siya ngang nagbubunsod sa mga BEC na tumulong na protektahan ang likas na yaman ng Inang Kalikasan mula sa karagdagan pang pagkasira, at gayundin naman ay tumulong lalo na sa mga mahihirap na siyang labis na napipinsala ng masamang epekto ng pagbabago ng klima. Ang kristiyanong buhay ay natatagpuan nga sa lubusang pagbibigay at pagbabahagi ng sarili. Kaya naman kung ang isang kristiyano ay tumutulong at nagbibigay, ito ay sapagkat bumubukal sa kanyang kalooban ang pangangailangan niyang magbigay. Sa madaling salita, siya ay nagbibigay hindi sa dahilang may isang pangangailangan sa labas na tumatawag sa kanyang magbigay kundi bagkus may malalim talaga siyang pangangailangan sa kaniyang sarili na magbigay.

PAGIGING MISYONERO

Ang Simbahan ay misyonero. Ipinagpapatuloy niya ang misyon ni Jesus ayon na rin sa patnubay at siglang kaloob ng Espiritu Santo. Ang lahat ng mga binyagan ay tinatawagan ngang maging mga misyonero sa kani-kanilang mga piniling larangan ng pagsusumikap sa buhay. Inaanyayahan sila na magkaroon ng isang puso at isip na bukas sa iba't-ibang mga kultura, paniniwala, relihiyon, kabansaan, katayuan sa lipunan at lahi. Tulad ni Jesus, sila ay dumudulog sa hapag kapiling ang lahat ng iba't-ibang uri ng tao na nagmula pa sa iba't-ibang sitwasyon ng buhay at doon din mismo ay kanilang natutuntunan ang Diyos. Dala-dala ang Mabuting Balita, sila ay may buong pusong paggalang at kababaang-loob para sa lahat, lalung-lalo na sa mga aba at sa mga taong nasa mga laylayan ng lipunan.

PAGIGING SINODAL O KAMANLALAKBAY

Ang pagiging sinodal o “kamanlalakbay” sa isa't-isa ay nangangahulugan na tayo ay “samasamang tumatahak sa iisang landasin”. Ang mga katagang ito ay tumutukoy sa paraan ng pamumuhay na may tatlong aspeto: pakikipag-isa, pakikibahagi, at pakikipagmisyon. Sangkot nga dito ay ang “pagtahak ng magkakasama”. Ang kahulugan ng pakikipag-isa ay ang pakikipaglakbay kaskasama natin ang iba pa. Kung kaya naman bagamat tayong lahat ay mayroong mga iba't-ibang abilidad at talino, tayo ay naglalakbay pa rin ng magkakasama at ito ay sa kadahilanan na ring tayo ay bumubuo ng iisang katawan lamang: ang Katawan ni Kristo na sadyang nag-iisa, kumikilos at naglalakbay dito sa mundo.

Ang kahulugan naman ng pakikibahagi ay ito: bagamat ang bawat isa sa atin ay may mga karanasan at kuwento ng buhay na pawang hindi magkakapareho, naglalakbay pa rin na magkakasama tayo at ito ay sa dahilang isinasagawa nga natin ang paglalakad o ang pagtahak na ito ng may iisang pagtulak walang sinuman ang naiwan o napag-iiwanan at gayundin naman naglalakbay tayo sa di magkakaiba kundi bagkus sa iisang landasin lamang walang sinuman ang nagsasarili at humihiwalay o gumagawi sa ibang landasin. Samantala, ang pakikipagmisyon ay nangangahulugan naman ng ganito: bagamat oo at may iba't-iba tayong kinalalagyan sa lipunan, magkakasamang naglalakbay pa rin tayo na may iisang layunin lamang ang layunin na maging isang presensya na nakapagdudulot ng pagbabago, ng presensyang may kaibahang nagagawa sa mundo, at ito ay sa kadahilanang ating hinahayaan na ang liwanag ng ebanghelyo ay sumikat saan mang bahagi ng mundo na nagagawi tayo. At hindi nga't sino ang siyang sa atin ay nagpapaging-isa, nagbibigay buhay at umaakay tungo sa sama-samang pagtahak o paglalakbay kundi bagkus ay ang Espiritu Santo mismo na siyang unang aning bigay ng Panginoong Jesus na Muling Nabuhay.

PAGIGING MAY PANANAGUTAN

Wala ni anumang paglimot sa mga pananalita ni Jesus, “Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata” (Luc 18:16), at “Ang sinumang tumatanggap sa [mga] batang ito ay tumatanggap sa akin” (Mt 18:5; Lk 9:48), ang Simbahan ay naniniwala na kanya talagang pananagutan ang kaligtasan at ang proteksyon ng mga bata at gayundin naman ng sinupamang nasa hustong gulang subalit sadyang mahina. Ang pananagutang ito ng Simbahan ay nangangahulugan ng kanyang mataimtim na pag-ako sa responsibilidad na panindigan at ipagtanggol niya ang mga pangunahing karapatang pantao ng mga bata at ng sinuman na bagamat nasa hustong gulang ay di kayang ipagtanggol ang sarili, upang nang sa gayun ay mabuhay silang lahat ayon na rin sa sarili nilang dangal bilang tao. Gayun din naman pinangangalagaan ng Simbahan ang pakikibahagi nila sa buhay nito, iniingatan niya sila mula sa lahat ng uri ng pagsasamantala at pang-aabuso.

Prioridad Pastoral

Sa kanyang Misyong-Pahayag, inilatag ng Diyosesis ang mga sumusunod na mga pangkasalukuyang prioridad pastoral: Ang Pag-eebanghelyo sa ating Buong Pagkatao, ang Pagbibigay-lakas sa mga Laiko, ang Pagkakaroon ng Matimbang na Pagkiling sa mga Dukha, ang Pagtatayo, Pagsasabuo at Pagpapayaman sa mga Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan, at Ang Pagpapa-unlad Samahan at Sinerhiya. Ang mga prioridad na ito ang magsisilbing gabay sa mga gawaing pastoral ng lahat ng mga Komisyon, Ministeryo, at mga Samahang Simbahan sa Diyosesis.

ANG PAG-EEBANGHELYO NG BUO NATING PAGKATAO

Tulad ng nabanggit sa misyon pahayag, ang gawain ng pag-eebanghelyo ay masasabi ngang isang tunay na pag-eebanghelyo sa ganang kakayahan nitong mapagtuunan ng pansin ang kabuuan ng ating pagkatao: may paghuhubog sa ating pagiging tao at pagiging kristiyano. Nangangahulugan ito na sa pagpapahayag ng Ebanghelyo nabibilang sa gawaing ito ang pagpapa-unlad sa buo mismong pagkatao ng isang tao sampu ng lahat-lahat ng aspeto nito— pangkatawan, pandamdamin, pangkaisipan, pang-espiritwal, panglipunan-kabuhayan, pampulitika at pangkultura.

PAGBIBIGAY LAKAS AT TIBAY SA LAIKO

Ang misyon ng pag-eebanghelyo ay isang gawain na hindi lamang para sa kaparian kundi para sa buong sambayanan ng Diyos. Ang lahat ng binyagan ay mayroon ngang karapatan at tungkulin na aktibong makilahok sa buhay at misyon ng Simbahan sa mga pamamaraang tunay na dinamiko, may pakikibahagi, at malikhain alinsunod na rin sa mga natatanging kaloob ng Espiritu Santo sa bawat isa sa atin. Nangangahulugan ito ng pagkilala at pagpapayaman sa mga natatanging galing na sadyang kaloob ng Espiritu sa bawat isang kasapi nito, para na rin naman sa ikabubuti ng buong pamayanan. Ang pagpapaunlad sa kapasidad at pagbibigay lakas o tibay sa mga laiko ay nagaganap sa pamamagitan ng mga programang naghuhubog sa kanilang pagkatao at pagiging kristiyano, mga programang tuluy-tuloy, napapanatili, at sadyang may saysay. Kaya naman dahil dito ay mas lalo pa tuloy mapagpapahalagahan ng mga laiko ang sarili nilang pagka-kristiyano, ang sarili nilang bokasyon at misyon sa Simbahan at gayundin naman sa mundo.

MATIMBANG NA PAGKILING SA MGA DUKHA

Mulat sa tunay na kalagayan ng kanyang mga laiko sa bandang ibaba ng lipunan kung saan sila ay araw-araw na nakikibaka sa kahirapan at pagsasa-isantabi na ginagawa sa kanila ng lipunan, at, gayundin naman, binibigyang buhay ng mayamang katuruan ng Katolikong Simbahan tungkol sa lipunan, ang pagtataglay niya ng matimbang na pagkiling para sa mga dukha ay isang priyoridad pastoral ng bayan ng Diyos ng Diyosesis ng Novaliches. Nangangahulugan ito na ang bayang ito ng Diyos ay mayroong tukoy na programang panlipunan na sadyang malinaw at kanyang napapanatili, mabisa at mahusay, lalo't higit para sa mga naroroon mismo sa sitwasyon ng matinding kahirapan. Sa halip na ituring silang mga tagatanggap lamang ng tulong, tinitiyak nito na ang mga dukha ay aktibong nakikibahagi sa pagbubuo, pagpapatupad at pagsusuri sa mga programang ito. Sa ganitong paraan lamang nasisiiguro na ang mga panlipunang paglilingkod na ito ay may tunay na saysay at kayang-kaya na mapanatili. Sa bandang huli, ang pagkakaroon mismo ng mga dukha ng pangunahing papel sa buhay at misyon ng Simbahan ang siyang magbibigay pag-asa sa Diyosesis ng kanyang pagiging Simbahan ng mga Dukha.

PAGBUBUO, PAGPAPALAGO, AT PAG-AARUGA SA MGA MUMUNTING SIMBAHAN SA KAPITBAHAYAN (BEC)

Noong 1991, sa Pangalawang Plenaryo Konseho ng Pilipinas (PCPII), inangking lubusan ng Simbahan ng Pilipinas ang pagbubuo ng mga Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan (BECs) bilang isang “bagong paraan ng pagiging Simbahan,” bilang isang bagong direksyon pastoral o “isang bagong estratehiyang pastoral.” Ang BEC o ang Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan ay “pagpapahayag pagpapanibago” sa Simbahan. Kaya dahil dito, inaako ng lokal na Simbahan ng Novaliches ang BEC o ang Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan bilang kanyang prayoridad pastoral at patuloy niyang “isusulong ang kilusang simbahan” na ito sa buo niyang nasasakupan.

PAGPAPAUNLAD SAMAHAN AT SINERHIYA

Upang maging mabisa at mahusay na tagapagpakilos, tagapaghatid at tagapagpadaloy ng lubusang pagsasakatuparan ng pinagpanibagong pananaw, misyon, layuning pastoral at pinagkasalukuyang mahalagang pag-uugali ng Diyosesis, ang pagpapaunlad samahan ng mga komisyong pastoral, mga ministeryo at samahang simbahan ay dapat nakaugat at dumadaloy sa mismong karanasang sinodal ng Diyosesis at gayundin naman sa paghahangad nito na magkaroon ng mas malalim at malawak na sinerhiya sa loob mismo ng bawat naturang samahan at gayundin naman sa pagitan ng isa’t-isa.

Mga Layuning Pastoral

Sa pagsapit ng 2025 (makalipas ang 3 taon mula ngayon), ang lahat ng parokya at mga institusyon sa Diyosesis ay nakamit na ang labintatlong (13) sumusunod na mga layuning pastoral:

MUMUNTING SIMBAHAN SA KAPITBAHAYAN (BEC)

Ang mga Mumunting Simbahan sa Kapitbahayan (Basic Ecclesial Communities) ay naitatag naitataguyod, kumikilos, napapanatili, at nagsisilbing napakamahalagang bahagi sa loob mismo ng bawat parokya at mga institusyong pang-edukasyon.

LITURHIYA

Sa pamamagitan ng isang sadyang nararapat, sapat at inklusibong paghuhubog, ang mga paghahandang isinasagawa para sa liturhiya gayundin naman para sa pagsasaayos sa mga lingkod nito, kasama na yaong mga nasa mumunting pamayanan ay natitiyak, kung kaya naman ang mga liturhiyang pagdiriwang ay mas nagiging makahulugan, mas nakapagbibigay-sigla at mas aktibong dinadaluhan.

PAGHUHUBOG

Ang napakamahalaga at napapanahon na paghuhubog pananampalatayang nakatutugon sa kabuuan at bawat aspeto ng ating pagkatao ay naisasagawang palagian at nadadaluhan ng sinuman anupaman ang kanilang antas at bahagi sa lipunan at institusyong kinabibilangan.

PAMILYA AT BUHAY

Ang kabanalan at kahalagahan ng buhay gayundin naman ng pamilya ay itinataguyod, pinaninindigan, iginagalang, inaalagaan, at isinusulong sa pamamagitan ng mga paghuhubog, ng mga adbokasiya, at ng iba pang mga programa na nakapagbibigay-kakayahan at serbisyo na tumutugon sa mga usapin at mga alalahaning umuusbong kaugnay sa buhay at pamilya.

KABATAAN

Ang mga bata, ang mga kabataan, at gayundin naman yaong mga kabataang nasa husto na ring gulang at aktibong umuugit sa lipunan ay pawang nakadaramang sila ay sadyang nabibilang sa Simbahan alinsunod na rin naman sa ginagawa nitong pagkilala sa kanila, pagkakanlong sa kanila, at pagbibigay-lakas sa kanila sa pamamagitan ng pagsasaayos at paghuhubog sa kanila, at sa aktibo nilang pakikilahok mismo sa buhay at misyon ng Diyosesis.

PANLIPUNANG PAGKILOS

Ang mga dukha ay nabibigyan ng kalakasan bilang katuwang mismo ng Simbahan at ng mga ahensya ng pamahalaan, ng mga non-government organizations (NGOs) sampu ng mga tinatawag na civil society groups, sa pagtutuon-pansin at pagpapagaan sa kani-kanilang kalagayang panlipunan, pangkabuhayan, at pakikilahok pulitikal.

KOMUNIKASYONG PANLIPUNAN AT MEDIA (SocComM)

Ang komunikasyong panlipunan at ang mga media-plataporma ay isinusulong ng may kapananagutan at gayundin naman ay lubusang kinakasangkapan para sa mabisang pagpapahayag ng Mabuting Balita at pagtataguyod ng pamayanan.

PAGSASALIKSIC AT ADBOKASIYA

Ang lahat ng mga parokya at iba pang mga institusyon ng Diyosesis ay masiglang sumasali sa mga adbokasiya (ekolohiya, katarungan at kapayapaan, mabuting pamamahala, pagsasabilang sa lipunan ng lahat) gamit-gamit ay mga pamamaraang mahusay at batay sa mga datos.

EKUMENISMO

Ang ating mga mananampalatayang Katoliko ay ubod-siglang sumasali sa mga pakikipag-diyalogo sa mga taong ang tradisyong Kristiyano ay naiiba o kung hindi man ang pananampalataya mismo ay naiiba, nang may paggalang sa isa't-isa at may hangarin na mapagyman ang kapwa, nananalangin at nagsisikilos ng magkakasamasama upang mabago ang lipunan.

PAMUMUNONG PASTORAL

Ang mga paghuhubog at pagsasanay sa pagiging punong-lingkod na nakapagbibigay-lakas, nakapagdudulot ng pagbabago at sadyang nakatuon sa misyon ay naitatag at totoong suportado ng bawat antas at sektor.

PAGPAPAKILOS NG MAPAGKUKUNAN NA SADYANG PINANGGAGALINGAN NG ATING MGA KAKAYANAN

Ang malikhaing pagtuklas ng mga pinagmumulan ng ating mga kakayanan, ng pagpapakilos at pamamahaling nararapat para sa mga lokal na mapagkukunan nito ay naitatag sa diwa ng pagiging-tagapangasiwa, ng hustong pagkakaaninaw sa mga bagay-bagay, at ng pananagutan para din naman dito.

EKOLOHIYANG PANGKABUUAN


Sa lahat ng mga parokya ay may maayos, may nabubuo at napapanatiling programa at adbokasiyang ekolohiya.

MGA BOKASYON

Ang mga pamayanan ay nagsisilbing punlaan ng mga bokasyon sa pagpapari at gayundin naman sa buhay relihiyoso/relihiyosa, na kung saan ang mga bokasyon ay tunay na naaalagaan ng pamilya at ng parokya, kung kaya naman sa mga ito ay nakapagdudulot-sigla at nakapagbibigay-lakas kahit man lang sa iisang potensyal na kandidato sa pagpapari at sa buhay relihiyoso/relihiyosa sa paglipas ng bawat taon.



Pastoral Program Coordinating and Development Council
(PPCDC)



PARISH DIRECTORY - DIOCESE OF NOVALICHES

Trunk lines: (Obispado de Novaliches) - (8) 461.5051 | (8) 461.5074

Direct lines: Chancery - (7) 501.2011 | Finance - (7) 501.2986 | Pastoral - (7) 501.2007 | Caritas - (7) 004.8105 | Catechetical - (7) 005.1104 | Tahanaang Papi - (7) 005.4549

Updated: ml | 10.29.2025

Caloocan City (CC) Parishes						
CHRIST THE KING VICARIATE				Vicar Forane: Rev. Fr. Aristeo M. De Leon		
9	PARISH	CTKV ADDRESS	D/R	PARISH PRIEST	PP	TEL. NO.
1	Christ the King Parish	Mirang Lydia St., Ph. 1 BF Homes, Novaliches 1420 CC	R	Rev. Fr. Sonitus G. Bambang, MSF Rev. Fr. Gabriel Ama Maing, MSF (PV)	Fr. Soni	(8) 930.8764
2	Mother of the Redeemer Parish	Depara Road, Depara, Novaliches 1420 CC	D	Rev. Fr. Jose P. Casas, Jr.	Fr. Joe	(8) 937.6004
3	Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Fatima	Magat-Salamat St., Urdulja Village, Novaliches, 1422 CC	D	Rev. Fr. Aristeo M. De Leon Rev. Fr. Michael B. Dupo, CIM (PV)	Fr. Aris	0929.7069433
4		Paraiso St., Sampaguita Subdivision, Camarin 1421 CC	R	Rev. Fr. John Carlo Tiu, MS Rev. Fr. Ian M. Quinatadacan, MS (PV)	Fr. Carlo	(8) 351.7119
5	Sacred Heart Parish	350 Gen. Luis St., Kaybiaga 1420 CC	D	Rev. Fr. Jose P. Casas, Jr. (Parish Administrator)	Fr. Joe	(8) 651.3157
6	Saint Padre Pio Parish	Bagumbong 1421 CC	D	Rev. Fr. Eduardo C. Molina	Fr. Ed	(7) 914.1839
7	Santa Krus Parish	A-814 Bagumbong Road, Bagumbong 1421 CC	D	Rev. Fr. James D. Nitollama Rev. Fr. Noel S. Tatoy (PV)	Fr. James	0906.6010558 0951.3947114
8	Santo Kristo Parish	Llano Road cor. Del Mundo Ave., Bgy. 167 Llano 1420 CC	R	Rev. Fr. Sunny B. Quejada, FLP Rev. Fr. Mark Jeffrey Starr Revilla, FLP (PV)	Fr. Sunny	0956.9702542
9	Santo Niño Parish	Congressional Road, Congressional Village, Bagumbong 1421 CC	R	Rev. Fr. Job Callarackal, MS Rev. Fr. Ian P. Ronquillo, MS (PV)	Fr. Job	0917.7173536
HOLY CROSS VICARIATE				Vicar Forane: Rev. Fr. Ronnie M. Provido		
5	PARISH	HCV ADDRESS	D/R	PARISH PRIEST	PP	TEL. NO.
10	Holy Cross Parish	Managat St. cor. Malabud St., Amparo Village, Novaliches 1425 CC	D	Rev. Fr. Rogelio S. Positar Rev. Fr. Arnold Alindayay, O.Carm. (PV's)	Fr. Roger	(8) 366.1723
11	Holy Spirit Parish	Narra Avenue, Pangarap Village, Tala 1427 CC	R	Rev. Fr. Rowil S. Remo, ESHT Rev. Fr. Jose Poly John R. Pascua, ESHT (PV)	Fr. Rowil	0995.3124503
12	Saint John Paul II Parish	Camatran cor. Jasmine Sts., Capitol Park Homes 2, Bgy. 179 1400 CC	D	Rev. Fr. Ronnie M. Provido	Fr. Ronnie	(8) 374.6106
13	Our Lady of the Holy Rosary Parish	Langit 1, Tala 1427 CC	D	Rev. Fr. Lusil E. Pardilla	Fr. Lusil	(8) 230.3017
14	Saint Joseph the Worker Parish	St. Joseph Ave., Barradas II, Tala 1427 CC	D	Rev. Fr. Tomas F. Flores, Jr.	Fr. Tom	0961.8512730

OUR LADY OF LOURDES VICARIATE				OLLV		Vicar Forane: Rev. Fr. Antero C. Natividad			
5	PARISH	ADDRESS	D/R	PARISH PRIEST	PP	TEL. NO.			
15	Epiphany of the Lord Parish	San Isidro St., Camarin Rd., Kiko, Camarin 1422 CC	D	Rev. Fr. Alvin C. Balean	Fr. Alvin	0915.6588955			
16	Mary Mother of the Church Parish	Cielito Homes, Zabarte Road, Camarin 1422 CC	D	Rev. Fr. Leonides T. Lagulles	Fr. Leo	0955.4570999			
17	Our Lady of Guadalupe Parish	Palmera Springs III Subd., Susano Road, Camarin 1422 CC	D	Rev. Fr. Antero C. Natividad	Fr. Bong	(7)002.4388			
18	Our Lady of Lourdes Parish	1117 Petunia cor. Chrysanthemum Sts., Area B, Camarin 1422 CC	D	Rev. Fr. Roy M. Maliglig Rev. Fr. Eustaquio Jaime E. Agabao (PV)	Fr. Roy	0919.3532657			
19	Saint Agnes Parish	Rosas St. cor. Champaca St., Almar Subd., Camarin 1422 CC	D	Rev. Fr. Ferdinand C. Dulong	Fr. Ferdie	0921.6349809			
SANTO NIÑO VICARIATE									
6	PARISH	ADDRESS	D/R	PARISH PRIEST	PP	TEL. NO.			
20	Ang Muling Pagkabuhay ng Ating Panginoon Parish	Phase 10-A Pkg. 2, Bagong Silang 1428 CC	R	Rev. Fr. Noel O. Flaviano, SS.CC. Rev. Fr. Jose Marie T. Dumagat, SS.CC. (PV)	Fr. Noel	0917.1533996			
21	Ina ng Laging Saklolo Parish	Phase 7, Bagong Silang 1428 CC	D	Rev. Fr. Leoncito A. Falcasantos, Jr.	Fr. Faily	(8)518.7136			
22	San Jose, Amang Mapagkalinga Parish	Phase 5, Bagong Silang 1428 CC	R	Rev. Fr. Melvin I. Avilla, CRM Rev. Fr. Wilson B. Olga, CRM (PV)	Fr. Melvin	(8)672.1410			
23	San Roque Parish	Phase 9, Bagong Silang 1428 CC	R	Rev. Fr. Robertus Sutopo, SCJ (Parish Administrator) Rev. Fr. Julius Dela Peña Socorro, SCJ (PV)	Fr. Robert	0956.2377921			
24	Saint Paul of the Cross Parish	Phase 8-A, Bagong Silang 1428 CC	R	Rev. Fr. Amil Gijan Carbon, CP Rev. Fr. Gilbert Ganados Ytac, CP (PV)	Fr. Arnill	(7)005.7229			
25	Santo Niño Parish	Phase 1, Bagong Silang 1428 CC	R	Rev. Fr. Eric F. Funtanares, CP Rev. Fr. Jaime T. Oclarin, CP (PV)	Fr. Eric	(8)962.8204			
48	Quezon City (QC) Parishes								
